# WALANG MAIIWAN

*ni:*
**Althea Marie C. Sacramento**
*Campus Journalist San Ramon Elementary School*

Halika't sabay nating tuklasin ang malawak na mundo

Sabi nila'y malawak ang mundo kung kaya'tkailangan mong kumapit sa lubid. Ang lubid na nagsisilbing gabay ma sa oras na ikaw ay naliligaw sa tamang landas. Ngunit aasa ka na lamang ba parati dito? Wala na ba talagang ibang gagabay s aiyo maliban sa lubid na ito?

Ano pa ang silbi ng pakikinig kung hindi ko naman maintindihan ang mga salitang nanggagaling s aiyo. Bakit tuwing nais kng abutin ang pluma't papel ay tila lumayo ito mula sa akin?

Ang pagbabasa ang nagsisilbiing daan upang tuklasin ang malawak na mundo. Ang malawak na mundong masisilayan mo sa tamang panahon. Ang pagbasa ay isa rin sa mga magiging instrument mo sa paglinang ng mga kakayahan na kailangan ng sinuman.

Elemento ng pagkatuto. Ito ang pinakasimpleng kakayahan ng iyong matututunan. Pagbabasa,pagbibilang at pagsusulat. Ang tatlong ito ay mahalagang matutunan natin sa murang edad pa lamang. Sa pagkatuto nating ng pagbasa ay mauunawaan natin ang nilalaman ng mga impotanteng dokumento. Sa pagkatuto natin sa pagbilang ay hindi tayo madadaya. Malalaman natin kung labis o kulang ang naibigay o naisukli natin. Ang pagkatuto sa kakayahang pagsulat ay magbibigay daan satin para maiukit ang mga bagay sa ating isipan.

Ngayon, ako'y kukusang lalapit sa pluma't papel nung sa gayo'y hindi na ito malayo sa akin. Iguguhit ko ang malawak na mundo. Gagawa ako ng mapang magtuturo



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

sa akin ng direksyon papunta sa matagumpay na hinaharap. Hindi na ako aasa na lamang sa lubid na kinakapitan ng karamihan. Ito, nilikha ko. Nilikha ko ang mapang gagabay rin sa atin dito sa mundong napakalawak.

Halina't sabay nating tuklasin ang malawak na mundo. Walang maiiwan. Sabay nating hinarap ang mga pagsubok sa bawat araw kung kaya't nararapat lang na sabay rin nating tuklasin ang malawak na mundong kinabibilangan natin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan